ANUNSYO SA
PAGBUKAS NG BAGONG APPOINTMENT SLOTS FOR 2021

Ngayong napuno na ang lahat ng passport appointment slots para sa taong 2020, nag-coordinate na ang Embahada sa mga nangangasiwa ng ating appointment system na "Timetap" para mabuksan ang bagong appointment slots para sa buwan ng Enero hanggang Marso 2021. Inaasahang mabubuksan ang mga slots na ito sa susunod na linggo, sa September 15.

Ulitin lang namin ang mga importanteng paalala para sa mga online applicants:

1. Bago mag-apply online gamit ang iyong smart phone, tablet o computer, siguraduhing nasa inyong tabi ang lahat ng requirements na kailangan para sa application ninyo, dahil kailangan ninyo itong isumite online. Kung hindi ninyo alam ang requirements na kakailanganin ninyo, pakibasa ng mabuti ang mga nakalista under "Consular Services" sa Embassy website: https://parispe.dfa.gov.ph/ o magtanong sa Embahada sa email address na ito: paris.pe@dfa.gov.ph.

2. **Kapag sinimulan ninyo ang online application, siguraduhing tama ang pagkatype ng email address ninyo** dahil kapag nakumpleto ninyo ang application process, papadalhan kayo kaagad ng sistema ng automatic email na nagsasabi na "Your application is pending". Kung hindi kayo nakatanggap ng email at tama naman ang pagkatype ng email address ninyo, ang ibig sabihin nito ay may ibang aplikante ang nakakumpleto ng application process para sa time slot na iyon.

3. **Pagkatapos makakuha ng unang automatic email, ang confirmation email (na magsasabi kung approved ka o hindi) ay dadating lamang ng 15 working days bago ang iyong scheduled appointment.** Halimbawa, kung ikaw ay nakakuha ng appointment ngayon para sa 22 December 2020, sa December 1 ka pa lang makakuha ng confirmation email dahil kailangang unahing i-review ng consular section ang mga mas maaga ang petsa ng appointment.

Salamat sa inyong patuloy na kooperasyon.

PHILIPPINE EMBASSY, PARIS
11 Setyembre 2020